Ang paggamot sa kanser

Sakaling lumabas sa resulta ng inyong pagsubok na kayo ay mayroong kanser, magbibigay ng ilang mungkahi ang inyong manggagamot kung anong uri ng paggamot ang makabubuti sa inyo. Sa ilalarawan ng information sheet na ito ang ilang mga komon na paggamot sa kanser.

Maraming mga ibat-ibang uri ng kanser. Ang isang paraan ng paggamot sa isang uri ng kanser ay hindi nangangahulugang makabubuti sa ibang uri ng kanser.

Hilingin ninyo sa inyong manggagamot na ipaliwanag ang lahat ng mga bagay na hindi ninyo naiintindihan. Maari kayong magpasama sa inyong kaibigan o isang kamag-anak sa panahon na ipaliliwanag sa inyo ng inyong manggagamot kung paano gagamutin ang inyong kanser. Maari ninyong isulat ang mga sasabihin ng inyong manggagamot o tanungin ninyo ang inyong manggagamot kung maari ninyong i-tape ang inyong usapan. Makakatulong ito sa inyo upang matandaan ang lahat ng mga sasabihin ng inyong manggagamot.

Sakaling hindi nag-sasalita ng wikang Filipino ang inyong manggagamot at hindi kayo masyadong bihasa sa wikang Ingles, inirerekomenda na kumuha kayo ng serbisyo ng isang interpreter tuwing dadalo kayo sa mahahalagang pag-pupulong kaugnay ng inyong paggamot. Hilingin ninyo sa inyong manggagamot na kumuha ng serbisyo ng isang interpreter na dadalo sa inyong mga pag-uusap.

Kakailanganin ninyo ng ilang araw upang pag-isipan kung anong uri ng paggamot ang inyong gagawin. Mahalaga na naiintindihan ninyo ang lahat ng mga bagay kaugnay ng inyong paggamot. Tanungin ninyo sa inyong manggagamot kung gaano kahaba ang panahon na maari ninyong ilaan upang mapag-desisyunan ito.

Ang mga tao na may kanser sa maaring sumailalim sa isa, dalawa o tatlong uri ng paggamot, ito ay depende sa uri ng inyong kanser. Sa ilang mga pagkakataon inirerekomenda na hindi sumailalim sa paggamot.

Maaring mapag-desisyunan ng ilang mga tao na ayaw nilang sumailalim sa paggamot. May karapatan ang lahat ng tao na tumanggi sa ano mang uri ng medikal na paggamot. Mahalaga na makipag-usap ng masinsinan sa inyong manggagammot kaugnay ng inyong naging desisyon at mahalaga na maintindihan ninyo na maaring kumalat ang kanser sakaling hindi kayo sumailalim sa paggamot.

Mga dapat itanong sa inyong manggagamot kaugnay ng inyong paggamot:

- Bakit ninyo inirerekomenda ang uri ng paggamot na ito?
- Ano ang mga maari kong maramdaman o mangyari kaugnay ng paggamot na ito?
- Pagkatapos ng paggamot o treatment ilang araw bago ako makakapasok sa trabaho muli?
- Gano katagal na panahon bago ako makabalik sa aking mga pang araw-araw na gawain?
- Gaano katagal na panahon bago ko malalaman kung nagging epektibo ang paggamot?
- May mga bagay-bagay ba na dapat akong gawin bago, sa oras ng pagpapagamot o pagkatapos ng pag-papagamot?
- Kakailanganin ko bang sumailalim sa higit sa isang uri ng paggamot?
- Saan isasagawa ang aking paggamot?
- Magkano ang gagastusin sa paggamot? Sasagutin ba ng Medicare o ng aking private health insurance ang lahat ng mga gastusin?
- Sakaling mapag-pasyahan ko na komunsulta sa isa pang manggagamot, maari akong isangguni sa ibang manggagamot

Pag-opera

Maaring matanggal ang ilan o lahat ng kanser sa pamamgitan ng pag-opera.

May mga tinatawag na minor na operasyon katulad ng pag-kuha ng maliit na balat na may kanser o ang pag-sailalim sa biopsy. Ang isa pang uri ng operasyon ay tinatawag na major na operasyon, sa pagkakataong ito tinatanggal mula sa isang mahalagang bahagi ng inyong katawan ang kanser.

Maari din isagawa ang operasyon upang palitan o ayusin ang isang bahagi ng inyong katawan (halimbawa, ang pag-ayos sa inyong suso pagkatapos sumailalim sa isang operasyon na tinanggal ang inyong suso).

Kadalasan binibigyan ng general anestesya ang isang tao bago ito sumailalim sa isang operasyon. Sa pamamgitan nito kayo ay makakatulog at makakaramdam kayo pamamanhid hanggang mawala ang bisa ang anestesya. Sa inyong pag-gising pagkatapos mawalan ng bisa ang anestesiya kung minsan maaring hindi maging maganda ang inyong pakiramdam. Maari kayong bigyan ng gamot ng inyong nars o manggagamot upang mapabuti ang inyong pakiramdam.

▶ *Filipino*

Treating cancer

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanser tumawag sa:

- **Filipino**
  (03) 9209 0169
- **Ingles**
  13 11 20

1 Rathdowne Street
Carlton Vic 3053
Australia
Telephone: 61 (0)3 9635 5000
Facsimile: 61 (0)3 9635 5270
enquiries@cancervic.org.au
www.cancervic.org.au

January 2004

Ang paggamot sa kanser

The Cancer Council Victoria

Chemotherapy

Ang chemotherapy para sa sakit na kanser ay isang gamot na maaring pumatay sa mga selula na may kanser habang hindi nito gaanong napipinsala ang mga normal na selula. Pinipigilan ng chemotherapy ang pagdami ng selula na may kanser.

Sa ilang pagkakataon, maaring sumailalim muna sa chemotherapy ang isang tao bago ito sumailalim sa ibang uri ng paggamot. Ngunit

kadalasan sumasailalim muna sa ibang uri ng paggamot ang isang tao bago sumailalim sa chemotheraphy. Nakakatulong ang chemotheraphy sa pagpatay sa mga selula na may kanser na hindi natanggal sa operasyon o radiotherapy.

Para sa ilan kailangang manatili sa pagamutan habang sumasailalim sa chemotherapy. Ang iba naman ay maaring magpunta lamang sa pagamutan tuwing sasailalim sila sa chemotheraphy. Sa ilang pagkakataon, maaring ibigay ang chemotherapy sa kanilang mga sariling tahanan.

Ang isang tao ay kadalasan na sumasailalim sa chemotherapy sa loob ng ilang oras sa isang araw. Ito ay isasagawa sa loob ng ilang magkakasunod na araw pagkatapos nito maaring magpahinga ng dalawa hanggang tatlong linggo. Kadalasan sumasailalim ang isang tao sa ilang ulit ng chemotherapy sa loob ng maraming buwan.

Ang chemotherapy ay karaniwang ibinibigay sa pamamagitan ng pag-gamit ng hirringilya na tinutusok sa ugat. May mga tao na nilalagyan ng tubo sa ilalim ng balat upang makatulong sa pagsasagawa ng regular na chemotherapy sa isang ugat. Nanatili ang tubo sa ilalim ng balat hanggang matapos ang chemotherapy.Ito ay upang maiwasan ang pagka-pinsala sa inyong ugat. Maari din sumailalim sa chemotherapy sa pamamagitan ng pag-inom ng tableta, pag-iniksiyon sa inyong laman o muscle o sa pamamagitan ng pagpahid ng isang uri ng krim sa balat.

Maaring magkaroon ng ilang panandaliang epekto ang chemotherapy sa inyong katawan. Maari kayong magsuka, makaramdam ng pagka-alibadbad at maari din malugas ang inyong buhok sa ulo at sa ibang bahagi ng inyong katawan. Makakatulong ang pag-inom ng gamot sa inyong pagsuka at alibadbad. Ang mga nalugas na buhok sa panahon na kayo ay sumailalim ng chemotherapy ay tutubo muli pagkaraan ng dalawang buwan pagkatapos ng inyong therapy.

Maari din magkaroon matagalang epekto sa inyong katawan ang chemotherapy. Maaring maapektuhan ang pertilidad ng isang tao halimbawa, maaring hindi magkaroon ng regla sa maikling panahon o di kaya ay tuluyan ng hindi magkaroon ng regla. Kung balak ninyong magka-anak ngunit kailangan ninyong sumailalim sa cheomotherapy magtanong sa inyong manggagamot kung ano ang maari ninyong gawin kaugnay nito. Halimbawa, maaring iimbak ng mga lalaki ang kanilang sperm sa isang klinika o pagamutan.

Mga bagay na gustong itanong sa doctor tungkol sa chemotherapy:

- Gaano katagal ang paggamot sa chemotherapy?
- Anu-ano ang maaring maging epekto nito sa aking katawan?
- Mayroon bang magiging matagalang epekto ito sa aking katawan?
- Anu-ano ang maaring gawin upang mapangalagaan ang aking sarilli habang sumasailalim sa chemotherapy?

Radiotherapy

Ang Radiotherapy ay isang paraan ng paggamot na gumagamit ng radiation. Ang radiation ay isang uri ng enerhiya. Maari nitong pigilin ang pagdami ng selula na may kanser. Maari din maapektuhan ng radiotherapy ang mga normal na selula ngunit magbabalik ito sa dati.

Maaring ibigay ang radio therapy sa dalawang paraan: mula sa labas ng katawan o sa loob ng katawan. Sa labas ng katawan ang radiation mula sa isang makina ay tinututok sa lugar ng inyong katawan na may kanser at sa mga nakapalibot na himaymay o tissue. Sa loob naman ng katawan ang mga material na radioactive ay nilalagay sa isang kapsula na pinapasok sa loob ng katawan malapit o di kaya mismo sa lugar na may kanser. (Para sa mga lalaki na sumasailim sa ganitong uri ng paggamot para sa kanser sa prostate, ipinapayo na gumamit ng kondom tuwing mag-tatalik sa unang dalawang linggo na inilagay ang kapsula sa katawan.

Makabubuti kung kausapin ninyo ang inyong manggamot tungkol dito.)

Hindi maggiging radioactive ang isang tao na sumasailalim sa radiotherapy at hindi kayo makakaramdam ng ano mang sakit sa paggamot na ito. Hindi din maiinit sa katawan ang radiation.

Para sa ilang tao isang beses lamang sila sasailalim sa ganitong uri ng paggamot, para sa iba maaring kailanganin nila bumalik ng ilang beses para sa paggamot.

Maaring tumagal lamang ng ilang minuto ang isang sesyon ng radiotherapy, ngunit kakailangnin ng mas mahabang panahon para sa paghahanda. Iba-iba ang bilang ng araw na kailangan para sa radiotherapy ng bawat tao. Ito ay pag-dedesisyunan ng inyong manggagamot.

Filipino

Treating cancer

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanser tumawag sa:

- **Filipino**
  (03) 9209 0169
- **Ingles**
  13 11 20

1 Rathdowne Street
Carlton Vic 3053
Australia
Telephone: 61 (0)3 9635 5000
Facsimile: 61 (0)3 9635 5270
enquiries@cancervic.org.au
www.cancervic.org.au

January 2004

Ang paggamot sa kanser

Maaring magkaroon ng epekto sa katawan ng ibang tao ang radiotherapy. Kabilang sa mga epekto nito sa katawan ay ang madaling pagka-pagod, pamumula ng balat o ang pagkirot nito, alibadbad, pag-susuka at pagtatae.

Hindi lahat ng tao ay makakaranas ng epekto sa katawan sanhi ng radiotherapy.

Mga dapat itanong sa inyong manggagamot kaugnay ng *radiotherapy*:

- Gaano katagal aabutin ang aking paggamot?
- Anu-ano ang maaring maging epekto nito sa aking katawan?
- Paano ko maalagaan ang aking sarili habang ako ay sumasailalim sa radiotherapy?

Immunotherapy

Ang immune system ng ating katawan ay binubuo ng ilang grupo ng selula at bahagi ng mga katawan na nilalabanan ang ano mang sakit o impeksiyon na maaring dumapo sa ating katawan. Nakikilala nito ang pagkakaiba sa mga selula na may kanser at sa mga selula na normal. Ang immunotherapy ay gumagamit ng mga gamot na nagpapasigla sa immune system upang labanan ang kanser.

Maaring sumailalim ang ibang tao sa immunotherapy sa pamamagitan ng pag-inom habang para sa ibang tao sa pamamagitan ng pag-iiniksiyonsa ugat o ilalim ng balat.

Maaring magkaroon ng epekto ang immunotherapy kadalasan may hawig ito sa sintomas ng trangkaso. Maaring makaramdam ng ginaw, pag-kapagod, sakit ng ulo, sakit sa katawan, alibadbad, pagsusuka o pagtatae at pagpawis ng husto.

Mga dapat itanong sa inyong manggagamot tungkol sa immunotherapy:

- Ano ang aking mararamdaman sa sandaling sumailalim ako sa immunotherapy.
- May mga bagay ba ako na dapat iwasan o kailangang gawin habang sumasailalim sa immunotherapy?

Hormone therapy

May mga ilang uri ng kanser (halimbawa kanser sa prostate at ilang mga uri ng kanser sa suso) na nabubuhay at kumakalat sa pamamagitan ng mga hormones sa ating mga katawan. Maaring mapigilan ang pagkalat nito sa pamamagitan ng paggamot sa bahagi ng katawan na pinagmumulan ng kanser na ito. Maaring magamot ang mga may kanser sa pamamgitan ng pag-inom ng gamot o pag-sailalim sa isang operasyon upang tanggalin ang bahagi ng katawan na pinagmumulan ng mga hormones na ito. Ang uri ng paggamot ay depende sa uri ng kanser ng isang tao.

Ilan sa mga pagbabago sa katawan na sanhi ng hormone treatment ay ang paglakas ng gana kumain, fluid retention at pagdadag sa inyong timbang. Sa ilang pagkakataon, maari din maapektuhan ang kalagayan ng inyong kalooban at ang inyong kagustuhan sa pakikipagtalik.

Filipino

Treating cancer

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kanser tumawag sa:

- **Filipino**
  (03) 9209 0169
- **Ingles**
  13 11 20

1 Rathdowne Street
Carlton Vic 3053
Australia
Telephone: 61 (0)3 9635 5000
Facsimile: 61 (0)3 9635 5270
enquiries@cancervic.org.au
www.cancervic.org.au

January 2004